Negosyanteng Pinoy

Isyu Numero 4
Oktubre 2000

Isang paglilingkod-bayan ng Center for Business and Economics Research and Development (CBERD) ng De La Salle University-Manila

Ang kooperatiba

Ang kooperatiba ay samahan ng mga taong naglalayong magkaisa at magtulungan upang matamo ang mga layuning panglipunan at pangkabuyahan, sama-samang pag-iimpok ng kailangan na puhunan at tanggapin ang tamang hatian ng mga kapalaran (risks) at mga kapakinabangan (benefits) ng gawain naaalinsunod sa mga simulain ng kooperatiba.



Mga simulain ng kooperatiba

Bawa't kooperatiba ay dapat patnugutan ang gawain naaalinsunod sa Pilipinong kalinangan at karanasan at panlahatang mga simulain ng kooperatiba na gaya ng mga sumusunod:

1. Bukas at Kusang Pagkakasapi (Open and Voluntary Membership)

Pagkakasapi sa isang kooperatiba ay dapat kusang-loob at bukas sa lahat ng mga tao "regardless" sa kanilang panlipunan, pampulitika, panlahi o panrelihiyong kasanayan o mga paniwala.

2. Demokratikong Kontrol (Democratic Control)

Ang mga kooperatiba ay mga demokratikong samahan. Ang kanilang mga gawain ay dapat pamahalaan ng mga taong nahalal at nahirang ng mga kasapi. Bawa't kasapi ng mga pangunahing (primary) kooperatiba ay may isang (1) boto na nagpapakita ng pantay-pantay na karapatang bumoto. Ang mga pumapangalawa (secondary) o pumapangatlong (tertiary) kooperatiba ay may karapatang bumuto bilang kinatawan ng mga kasapi, ngunit ganyang mga kooperatiba ay mayroon lamang limang (5) boto. Ang mga boto ng mga kinatawan ay ipalalagay na mga boto ng mga kasapi

3. Limited Interest in Capital

"Share capital" ay dapat tumanggap ng "limited" na halaga na interes.

4. Paghahati ng Kita (Division of Net Surplus)

Ang kita na buhat sa pagpapalakad ng kooperatiba ay pag-aari ng mga kasapi. Ito ay tamang ipamamahagi sa pagpapaunlad ng kooperatiba,

pangkalahatang paglilingkod, di-maaaring hatiin na laang salapi (indivisible reserve fund), at sa "limited interest in capital" at "patronage refund" naaayon sa "Cooperative Code of the Philippines, "Articles of Cooperation" at "Bylaws".

5. Pagtuturo ng Kooperatiba (Cooperative Education)

Lahat ng mga kooperatiba ay dapat turuan ang kanilang mga kasapi, mga pinuno, mga kawani, at ang madla base sa mga simulain ng pagtutulungan.

6. Pagtutulungan sa Bawa't Isang Kooperatiba (Cooperation Among Cooperatives)

Lahat ng mga kooperatiba ay dapat makipagtulungan sa ibang mga kooperatiba na nasa pampook, pambansa at pandaigdig na mga antas upang mapaglingkurang mabuti ang kapakanan ng kanilang mga kasapi at mga pamayanan.

Pagbuo ng mga pangunahing kooperatiba

Pinakamababa sa labinglima na katutubong tao, mamamayan ng Pilipinas, naglalayong magkaisa at naninirahan o nagtratrabaho sa lugar na nasasakupan ng paggawa ay pwedeng bumuo ng kooperatiba.

Pagpapatala (registration)

Ang kooperatiba na binuo o tinatag sa ilalim ng "Cooperative Code of the Philippines" ay nakakamit ang "juridical personality" mula sa petsa ang Cooperative Development Authority (CDA) maglabas ng katibayan ng pagpapatala (certificate of registration) sa ilalim nitong opisyal na tatak. Lahat ng mga kahilingan (applications) sa pagpapatala ay maaayos ng CDA sa loob ng 30 araw mula sa pagsumite ng dokumento.

Iba't-ibang uri ng kooperatiba

1. Credit Cooperative

Ito ay samahan ng mga taong naglalayong magkaisa at magtulungan sa pagtitipid at bumuo ng mga pondo para ipagkaloob ang mga pahiram (loans) sa layuning mapaunlad ang kabuhayan (productive) at maahon sa kahirapan (provident).

2. Consumers Cooperative

Ito ay may pangunahing layunin na magtamo (procure) at ipamahagi (distribute) ang mga produkto sa mga kasapi at di-kasapi.

3. Producers Cooperative

Ito ay gumagawa ng sama-samang (joint) produksiyon maging pagsasaka o pang-industriya.

4. Marketing Cooperative

Ito ay namamahala sa pagbigay ng pangangailangan sa produksiyon ng mga kasapi at ipagbili ang kanilang mga produkto.

5. Service Cooperative

Ito ay namamahala sa "medical", "dental care", pagpapagamot, transportasyon, siguro (insurance), pabahay, gawain, kuryente, komunikasyon at iba pang mga serbisyo.

6. Multipurpose Cooperative

Ito ay isang uri ng kooperatiba na pinagsasama ang dalawa (2) o higit pang mga pangnegosyong gawain ng mga iba't-ibang uri ng kooperatiba.

Mga kailangan sa pagpapatala

1. Economic Survey

Ito ay naglalarawan ng balangkas, mga layunin at kakayahan sa pagunlad ng balak na kooperatiba. Ito ay nagpapakita ng lugar na

kinalalagyan, dami ng pagkakasapi at ibang nauukol na kaalaman.

2. Articles of Cooperation
3. Bylaws

Sinu-sino ang pwedeng maging kasapi?

Isang katutubong tao na mamamayan ng Pilipinas, isang kooperatiba, o "nonprofit organization" ay maaaring maging kasapi sa kooperatiba kung ang humihiling (applicant) ay makatugon sa mga katangian na iniutos sa "bylaws". Subalit tanging katutubong tao ang pwedeng matanggap bilang kasapi ng pangunahing (primary) kooperatiba.

Bumubuo ng pangkalahatang pagtitipon

Ang pangkalahatang pagtitipon (general assembly) ay dapat buuin ng mga kasapi na may karapatang bumoto sa ilalim ng "articles of cooperation" at "bylaws".

Mga kapangyarihan ng pangkalahatang pagtitipon

Ang pangkalahatang pagtitipon ay dapat maging pinakamataas na kinatawan sa paggawa ng patakaran ng kooperatiba. Ito ay dapat gumanap ng mga kapangyarihan gaya ng nakasulat sa "Cooperative Code of the Philippines", sa "Articles of Cooperation", at "Bylaws" ng kooperatiba. Ito ay may mga sumusunod na mga tanging (exclusive) kapangyarihan:

1. Para alamin at pagtibayin ang mga susog (amendments) sa "articles of cooperation" at "bylaws";
2. Para ihalal o hirangin ang mga kasapi ng lupon ng mga patnugot, at para alisin sila sa lugar na may dahilan;
3. Para pagtibayin ang mga balak na pagpapaunlad ng kooperatiba; at
4. Iba pang mga dahilan na mangailangan ng "two-thirds" (2/3) na boto ng lahat ng mga kasapi sa pangkalahatang pagtitipon.

Lahat ng mga kooperatiba ay dapat makipagtulungan sa ibang mga kooperatiba na nasa pampook, pambansa at pandaigdig na mga antas upang mapaglingkurang mabuti ang kapakanan ng kanilang mga kasapi at mga pamayanan.

Bumubuo ng lupon ng mga patnugot

Ang tungo at pamamahala ng mga gawain ng kooperatiba ay ipagkakaloob sa lupon ng mga patnugot (board of directors) na binubuo mula lima (5) hanggang labinglima (15) na kasapi. Sila ay dapat mahalal sa pangkalahatang pagtitipon sa panunungkulang tinakda ng "bylaws" ngunit hindi hihigit sa dalawang (2) taon. Sila ay hahawak ng tungkulin hanggang ang kanilang mga kahalili ay mahalal at maangkop o hanggang matanggal sa panunungkulan. Walang patnugot (director) ang maglilingkod na hihigit sa tatlong (3) magkakasunod na panunungkulan.

Mga kapangyarihan ng lupon ng mga patnugot

Ang lupon ng mga patnugot ay dapat mamatnugot at pangasiwaan ang negosyo, mamahala ng ari-arian ng kooperatiba at pwede, sa pamamagitan ng kapasiyahan (resolution), gumanap lahat ng mga kapangyarihan ng kooperatiba.

Mga lupon ng kooperatiba (Committees of Cooperatives)

Ang "bylaws" ay pwedeng lumikha ng lupon ng tagapagpaganap (executive committee) na hihirangin ng lupon ng mga patnugot na may mga kapangyarihan at mga tungkulin na pwedeng ipagkatiwala na nasa "bylaws" o sa pamamagitan ng nakararaming boto (majority vote) ng lahat ng mga kasapi ng lupon ng mga patnugot.

Ang "bylaws" ay dapat maglaan para sa pagbuo ng lupon ng pagsusuri (audit committee) at iba pang mga lupon na pwedeng kailangan para sa tamang pagpapalakad ng mga gawain ng kooperatiba. ***(Edralin Lim)***

Iba't-ibang uri ng pautang

May iba't ibang uri ng pautang na ibinabahagi ang isang credit co-operative para sa mga miyembro nito. Ilan dito ang sumusunod:

1. Utang para sa pagpapaunlad ng kabuhayan o paglago ng kita **(Productive Loan)**--magagamit ng isang kasapi o ng kanyang pamilya para sa kanilang ikabubuhay (e.g. puhunan para sa negosyo).

2. Utang para maka-ahon sa kahirapan **(Providential Loan)**--magagamit ng isang kasapi para sa kalutasan ng kanilang problema.

• Bayad para sa buwis at iba pang pinagkakautangan.

• Bayad para sa pagbili ng appliances.



• Bayad para sa matrikula at iba pang kailangan para sa pag-aaral.

• Bayad para sa pagpapagawa ng bahay.

3. Utang para sa biglang pangangailangan **(Emergency Loan)**--isang klase ng utang na dapat suriin ng mabilis dahil ang pera ay kailangan kaagad ng kasapi.

• Pambayad sa pagpapaospital ng isang kasapi o ng kanyang kamag-anak o iba pang kasama sa pamilya.

• Pangangailangan dahil sa isang sakuna o kalamidad na natamo ng isang kasapi o ng kanyang kamag-anak o ng iba pang kasama sa pamilya.

Subscription form

If you are interested to receive a regular subscription, please fill up this form and send it to:

De La Salle University College of Business and Economics
Center for Business and Economics
Research and Development (CBERD)
2401 Taft Avenue, 1004 Manila, Philippines; Fax No.:5219094

Name: _____

Position: _____

Institution: _____

Office Address: _____

Tel. No.: _____

Fax No.: _____

E-mail Address: _____

Negosyanteng Pinoy

ay publikasyon ng Center for Business and Economics Research and Development (CBERD) ng De La Salle University-College of Business and Economics

Isyu Numero 4 **Oktubre 2000**

Editorial Board
Dr. Tereso Tullao, Jr.
e-mail: cbetst@dlsu.edu.ph
Dr. Divina Edralin
e-mail: cbedme@dlsu.edu.ph
Raymund B. Habaradas
e-mail: cberbh@dlsu.edu.ph

Contributors
Edralin Lim

Secretary
Liza Pajo